Ang Diskriminasyon batay sa Pinagmulang Lahi o Nasyonalidad ay Labag sa Batas

Alamin ang lyong mga Karapatan

Ikaw ba ay may Limitadong Kakayahan sa Ingles (LEP, Limited English Proficiency)?

Sinubukan mo na bang kumuha ng mga benepisyo o serbisyo mula sa gobyerno o isang organisasyon ngunit hindi mo ito nagawa dahil hindi ka marunong magbasa, magsalita, magsulat, o umintindi ng Ingles nang sapat?

Alam mo ba na ito ay maaaring isang uri ng diskriminasyon batay sa pinagmulang lahi o nasyonalidad?



Ano ang diskriminasyon batay sa pinagmulang lahi o nasyonalidad?

- **Isang batas pederal ay ang Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, ang nagpoprotekta sa iyong mga karapatang sibil, kabilang ang iyong karapatang hindi madiskrimina batay sa pinagmulang lahi o nasyonalidad.**
- **Sinabi ng Kataas-taasang Hukuman ng Estados Unidos na ang isang uri ng diskriminasyon batay sa pinagmulang lahi o nasyonalidad ay ang diskriminasyon batay sa kawalan ng kakayahang magsalita, magbasa, magsulat, o umintindi ng Ingles.**
- **Ibig sabihin nito, ang mga estado, lokal na pamahalaan, o anumang organisasyon na tumatanggap ng pera o iba pang uri ng tulong mula sa pederal na pamahalaan ay hindi maaaring magdiskrimina laban sa iyo dahil sa iyong pinagmulang lahi o nasyonalidad.**
- **Narito ang ilang halimbawa ng maaaring ituring na diskriminasyon batay sa pinagmulang lahi o nasyonalidad:**

• Ang ospital ay mayroon lamang mga form o dokumento sa Ingles at hindi alam kung paano ka matutulungan kung hindi ka marunong magsalita, magbasa, magsulat, o umintindi ng Ingles nang sapat.

• Tumawag ka sa pulis upang iulat ang isang emergency, ngunit hindi ka nila matulungan dahil Ingles lamang ang kanilang sinasalita at hindi nila nauunawaan ang iyong wika.

• Ang paaralan ng iyong anak ay nagbibigay lamang ng mahalagang impormasyon sa Ingles, ngunit hindi mo ito nababasa o nauunawaan nang sapat upang maunawaan ang impormasyon.

• Humingi ka ng tulong sa isang tanggapan ng gobyerno ngunit walang empleyado o tagapagsalin na nakakaintindi ng iyong wika. Sinabihan kang bumalik na may kasamang taong maaaring magsalin para sa iyo.

• Isinugo sa iyo ng isang tanggapan ng gobyerno ang mga mahahalagang dokumento — tulad ng aplikasyon, mga liham tungkol sa pagbawas, pagtanggi, o pagwawakas ng pinansyal na tulong, o anumang liham na nangangailangan ng iyong sagot — sa Ingles lamang.

• Isang kumpanya o grupo ang tumanggap ng pondo mula sa pederal na pamahalaan upang magsagawa ng isang pag-aaral na may epekto sa iyong komunidad. Bilang bahagi ng pag-aaral, kailangan nilang makipag-usap sa komunidad, ngunit nakikipag-usap lamang sila sa mga taong matatas sa Ingles.

Mga Opsyonal na Halimbawa ng Diskriminasyon Batay sa Pinagmulang Lahi ng mga Taong may Limitadong Kakayahan sa Ingles (LEP o Limited English Proficiency) Mula sa mga Partikular na Ahensya.

Kung naniniwala kang nakaranas ka ng diskriminasyon batay sa pinagmulang lahi at nais mong humingi ng tulong o karagdagang impormasyon, mangyaring tumawag sa numerong ito o sumulat sa address na ito:

Agency Contact Information Here